

PROLOGUE

Nakaupo si Yani sa isang bench ng hospital katabi ng kanyang yaya. Madalas silang pumunta roon dahil nandoon ang mommy niya. Bihira niya itong makita kahit nasa bahay ito dahil lagi lang itong nakahiga, sakitin kasi ito. Minsan man, mula noong nagkaisip siya ay ni hindi niya ito nakalaro.

But this time, she could feel it was different.

Nasa loob ng silid ang daddy niya at ate, pero mas matagal kaysa dati ang inilagi nila roon. Dati-rati ay pinapayagan siyang pumasok at umupo sa silya sa gilid ng kama, kung saan pinapanood niya ang pagtulog ng ina. Pero ngayon, iniwan lang siya sa labas ng silid. Hindi niya naman magawang pumasok sa loob dahil hindi pa niya abot ang seradura. At ayaw niyang pumasok hangga't hindi siya tinatawag dahil siguradong sisigawan siya ng daddy niya. Katulad ng madalas nitong gawin kapag nasa bahay sila. Kahit pa wala siyang ginawang masama.

Hindi niya maintindihan ang daddy niya. Galit ito sa kanya dahil kasalanan daw niya kaya nagkasakit ang mommy niya. Ano ba ang ginawa niya? Mula nang magkaisip siya ay sakitin na ito. Paano niya naging kasalanan iyon?

At dahil galit sa kanya ang ama, natural na ganoon din ang Ate Alice niya. Matanda ito sa kanya ng tatlong taon. Hindi ito

katulad ng ibang ate na pinapahiram ng laruan ang mga baby sisters nila. Bawal niyang hawakan ang mga laruan nito. Bawal din siyang makipaglaro sa mga kaibigan nito. At lalong bawal na pumasok siya sa kuwarto nito.

Her family's coldness toward her was like a puzzle she could not piece together. May mga pirasong hindi kayang hanapin ng isang four-year-old na tulad niya.

At wala ring alam ang kanyang yaya.

Napasulyap siyang muli sa saradong pinto. Tiningnan niya ang wall clock sa nurse station na malapit sa bench. Nasa number six na ang maliit na kamay ng relo at nasa number three naman ang mahaba. Marunong siyang mag-identify ng numbers pero hindi pa niya alam bumasa ng oras.

She hugged her small teddy bear tightly. Kumuha lang ng kape ang yaya niya kaya mag-isa siyang nakaupo doon. At naiinip na siya.

Habang nakayuko ay ikinuyakoy niya ang mga paa. Nagulat siya sa biglang pagsulpot ng isang pares ng *Nike* rubber shoes sa harapan niya. Awtomatikong tumingala siya sa batang lalaking may suot niyon.

“Hi,” nakangiting bati nito. He had cute eyes and a deep cleft on his chin.

“Hello.”

Naupo ito sa tabi niya.

“Sino’ng kasama mo? Bakit mag-isa ka lang dito?”

“And’un ang mommy ko,” turo niya sa isang pinto. “And’un din sina Daddy at Ate.”

“You mean iniwan ka lang nila ditong mag-isa?”

“Bumaba lang sandali si Yaya.”

“Ah...” he said and then looked at her with the curiosity of a child. “Sino’ng maysakit?”

“Ang mommy ko.”

“Ano’ng sakit niya?”

“Hindi ko alam. Basta tulog lang siya palagi.”

The little boy shrugged.

“Eh, ikaw, bakit ka narito?” ganting usisa niya rito.

“Dinalaw lang namin si Lola,” he said. “And’un siya sa kabilang wing.”

“Gan’un ba?” Napabuntong-hininga siya at saka muling yumuko.

Tinapik siya ng katabi sa balikat. “Huwag ka nang malungkot.”

She turned to him. May dinukot ito sa bulsa. Isang keychain

na Pinocchio. He pressed Pinocchio's nose and placed the keychain near her ear. Narinig niya ang mahinang hum ng kantang, 'When You Wish Upon a Star'. Napangiti siya.

Iniabot sa kanya ng bata ang keychain. "O, sa iyo na lang."

"H-ha? Pero laruan mo iyan."

"Okay lang. Big boy na 'ko sabi ni Daddy, kaya hindi ko na kailangan iyan. Isa pa, lucky keychain iyan kaya ingatan mo."

Alanganin pa rin siyang tanggapin iyon, pero inilagay na iyon ng bata sa kanyang palad.

"S-salamat," she said meekly. Isang ngiti lang ang nagawa niyang ipalit sa ibinigay nitong laruan.

"O sige, babalik na ako sa loob ng kuwarto ni Lola. Baka hanapin na ako ni Mommy."

Gusto sana niya itong pigilan. Naiinip na siyang mag-isa pero naalala niyang baka nga hinahanap na ito ng ina kaya pumayag na rin siya.

Patakbo nitong tinawid ang kabilang wing at pumasok sa isang room doon. Itinago niya sa bulsa ng jumper ang ibinigay nitong laruan. Hindi nagtagal ay lumabas ang doctor at nurse sa room ng mommy niya. Kasunod ng mga ito ang daddy at ate niya. Nag-iiyakan ang mga ito.

Bigla siyang bumaba ng bench at lumapit sa dalawa.

“D-Daddy? Ate? B-bakit kayo umiiyak?” inosenteng tanong niya. Her lips started to quiver.

Tinitigan lang siya ng ama bago kinarga ang kanyang ate at lumayo. She was left wide-eyed and confused.

Naiwang nakaawang ang pintong nilabasan ng mga ito kaya pumasok siya sa silid. She saw her mother.

As usual ay tulog pa rin ito. Narinig niyang sinabi ng doctor isang beses na hindi raw sigurado kung magiging pa ang mommy niya. Gusto niyang magtanong kung bakit, pero takot siyang mapagalitan ng kanyang ama. Nagkasya na lamang siyang intindihin ang kayang intindihin ng kanyang batang isip.

Hindi tulad ng mga ibang pagkakataon na nakita niya ang ina, wala na ang malaking tubo na nakasubo sa bibig nito. Kahit iyong nakadikit sa isang kamay nito ay wala na rin. Hindi na rin nakasindi iyong weird-looking TV monitor na puro running lines lang ang napapanood niya. Hindi na rin gumagalaw iyong parang accordion na nasa tabi nito.

Magaling na ba ang mommy niya?

She took several steps nearer to her. Nakalabas ang isang kamay nito. Hinawakan niya iyon. Hindi iyon mainit na gaya ng hawak niya roon noon.

Odd!

Tuluyang bumukas ang pinto at pumasok ang dalawang

lalaki. One guy ushered her to a corner habang itinakip naman ng isa ang kumot sa buong katawan ng kanyang ina. And then without any word, they wheeled her mother outside the room. Patakbo siyang lumabas para sundan ang dalawa, pero nakasakay na ang mga ito sa elevator.

“Alyana, naku, bata ka, ano ba’ng ginagawa mo dito?” anang yaya niya na kaaakyat lang. Hawak pa nito ang isang bote ng juice at isang naka-plastic na slice ng chocolate cake na marahil ay binili nito para sa kanya.

“Kinuha nila si Mommy!” iyak niya.

“H-ha?” gulat na bulalas nito. “Teka sandali ha?”

Lumapit ang kanyang yaya sa nurse station at nagtanong. Nanatili siyang nakabantay sa may malapit sa elevator in case bumalik ang mga lalaking kumuha sa mommy niya. Nang bumalik ang kanyang yaya ay nangingilid na ang luha nito.

“Alyana...” sabi lang nito bago siya niyakap nang mahigpit at saka humagulgol.

Wala siyang maintindihan! She stared at the nurses who stared back with sympathetic looks on their faces. Napailing pa ang isa.

“Y-Yaya?” bulong niya sa nanginginig na boses. Unti-unti na niyang naiintindihan. Ngunit naroon ang pagtangga, that small spark of hope in her little heart na hindi tama ang kutob niya.

“P-patay na ba ang mommy ko?”

Sapat na ang lalong paglakas ng hagulgol ng kanyang matandang babae para tiyaking tama ang kutob niya. The realization sank in. Hindi na gagaling ang mommy niya. Hindi na ito magigising. Hindi na ito babalik sa kanila.

Hope disappeared in her heart like burst bubbles.